

Pagkakakilanlan ukol sa Pananalaping Pagsasamantala!

Ang pagsasamantala ukol sa pananalapi, kilala ring pang-aabuso ukol sa pananalapi, ay kapag ang isang tao ay gumagamit ng pera o mga gamit na labag sa batas o di-angkop para sa kanilang sarili. Ito ay maaaring gawin ng isang kilala mo, kagaya ng isang kaibigan o kamag-anak, o isang taong lubos na di-kilala. Gayunman, may mga bagay na maaari mong gawin upang matulungang protektahan ang iyong sarili.



KILALANIN ANG MGA PANGKARANIWANG MGA BABALANG PALATANDAAN!

Ang mga palatandaan na maaaring magpapahiwatig na ikaw ang pinagsasamantalahan ay kabilang ang:

- Napansin mo na ba ang mga paglalabas ng pera o mga pagsingil sa mga utang mo gamit ng credit card na hindi mo ginawa?
- Napag-alaman mo ba na mayroong bumago sa testamento, trust, sangla, o titulo na wala kang kaalaman?
- Mayroon na bang nagbanta sa iyo upang ilagay ka sa isang nursing home kapag hindi mo sila bigyan ng pangangasiwa sa iyong mga pananalapi?

Kabisado mo ba ang mga halimbawang ito? Kung ganon, MAGING MAINGAT!

Ang mga matatanda ay ang binibiktima ng mga taong hindi tapat at mang-aabuso o gagawa ng panlalamang sa kanila (mga matatanda).



NATIONAL ASIAN PACIFIC
CENTER ON AGING

www.napca.org

UPANG MAKAIWAS SA POSIBLENG PANG-AABUSO, IPALAGAY MONG GAWIN ANG MGA SUMUSUNOD:

- Huwag ipamigay ang mga personal na impormasyon (kagaya nang numero sa social security, credit card) sa pamamagitan ng telepono, maliban kung ikaw ang tumawag o kilala mo ang taong kausap mo.
- Kapag ikaw ay inalok ng “gantimpala”, “pautang”, “pamumuhunan”, at iba pa na ang tunog ay masyadong maganda para maging totoo, ito ay masyadong maganda para maging totoo!
- Huwag kang magmadali. Kumonsulta sa isang tao na mapagkatiwalaan mo bago mo gawin ang malaking pamimili o pamumuhunan.
- Huwag kang lumagda ng alinmang mga kasulatan na hindi mo lubos na naiintindihan na hindi ka unang nagkukonsulta sa abogado o sa miyembro ng pamilya mo na pinagkakatiwalaan mo.
- Punitin/pilasin ang mga resibong credit, mga pahayag ng bangko, at mga talaan ng pananalapi bago mo sila itapon.
- Bago ka umarkila ng isang tao para sa mga serbisyong pansariling kapakanan, unahin mong tapusin ang pag-aaral sa kanyang buong katauhan.
- Pumunta ka sa National Do Not Call Registry upang bawasan ang tawag ng mga telemarketers. Tawagan ang numero **888-382-1222**.



ANG PAGGAWA NG ULAT NG HALIMBAWANG NAPAGHIHINALAANG PANG-AABUSO O PAGPAPABAYA AY ANG TAMANG BAGAY NA GAGAWIN, AT ITO AY MADALI.

Ang mga programa, kagaya ng Adult Protective Services (APS) at The Long-Term Care Ombudsman Program ay naroon upang tumulong.

Kausapin ang isang propesyonal na mapagkakatiwalaan mo upang makatulong sa iyo sa paggawa ng ulat o higit pang daan sa mga impormasyon.

911
IULAT!
SA PANAHON
NG KAGIPITAN,
TAWAGAN ANG
911.



Connecting You to Community Services

NAPCA acknowledges the Eldercare Locator for their help in the development of this resource.



Upang matukoy pa ang iba, bisitahin ang National Center on Elder Abuse website sa: <https://ncea.acl.gov/faq/index.html>

This project was supported in part by grants from the U.S. Administration for Community Living, Department of Health and Human Services, Washington, D.C. 20201. Grantees undertaking projects under government sponsorship are encouraged to express freely their findings and conclusions. Points of view or opinions do not, therefore, necessarily represent official Administration for Community Living policy.



NATIONAL ASIAN PACIFIC
CENTER ON AGING

www.napca.org